ACTION Philippines

MATI BAPTIST HOSPITAL

CHANGES

Child Care Health Care and Nutrition Gardening Immunization Sanitation

Alang sa Maayong Panglawas ug Kinabuhi

Lagnat

Book 7

Ang bibilia ay nagsasabi:

Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapat-dapat sa paningin ng Diyos.

Mga Taga-Roma 3:23

Hindi! Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat.

Lucas 13:3

Sapagkat kamatayan ang kabayaran ng kasalanan, ngunit ang kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon.

Mga Taga-Roma 6:23

Ang nagkukubli ng kanyang sala ay hindi mapapabuti Ngunit kahahabagan ng Diyos ang nagbabalik-loob at nagsisisi.

Mga Kawikaan 28:13

Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Diyos ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid.

I Juan 1:9

Kay Jesu-Cristo lamang matatagpuan ang kaligtasan, sapagkat sa silong ng langit, ang kanyang pangalan lamang ang ibinigay ng Diyos sa ikaliligtas ng tao."

Mga Gawa 4:12

" Hindi hinahatulang maparusahan ang nananampalataya sa bugtong na Anak ng Diyos; ngunit hinatulan nang parusahan ang hindi nananampalataya sa kanya.

Juan 3:18

Ngunit ang lahat ng tumanggap at nanalig sa kanya ay pinagkalooban niya ng karapatang maging anak ng Diyos.

Juan 1:12

Dalhin sa doktor ang may lagnat kung:

1. Ang init ay hindi bumababa.
2. Patuloy ang lagnat sa loob ng 3 araw na.
3. Naninigas ang leeg.
4. Kung may mga pasa, maga, o sugat sa katawan na may kasamang lagnat.
5. Ang lagnat ay may kasamang ubo.
6. Ang lagnat ay may kasamang pananakit ng ulo.
7. Ang lagnat ay may kasamang pagsusuka at pagtatae.

Lagnat



Ang temperatura ay sukat ng init o lamig. Ang termometro ay ginagamit upang malaman ang init o lamig ng katawan.

Kung ang init sa katawan ay sobra sa normal, ito'y may lagnat.

Kahit walang termometro, ay may mga paraan upang malaman kung may lagnat. Ilagay ang 1 kamay sa 'yong noo at ang 1 sa noo ng maysakit. Kung siya ay masyadong mainit kumpara sa'yo ito'y may lagnat.



Kung sobrang init ng katawan, maaari itong makombulsyon, at ito'y nakaka-apekto at nakakasira ng utak.
(It seems there is some text missing here.)

Anong dapat gawin kung may lagnat?

1. Alisin ang kumot at hubaran ng damit.
2. Punasan ng basang bimpo.
3. Lagyan ng malamig na tela ang dibdib at noo.
4. Paypayan.
5. Painumin ng maraming tubig.
6. Painumin ng asperin.
7. Buksan ang mga bintana.



Huwag kumutan ang may lagnat at lalong mag-iinit ang katawan.



Alisin ang kumot at hubaran ng damit para malamigan at ng hindi makombulsyon.



Buksan ang bintana at ng makapasok ang hangin at malamigan ang katawang may lagnat.



Mula 6 hanggang 12 taon, painumin ng 1 tableta tuwing 4 na oras.

Ang may edad na 12 taon pataas, painumin ng 1 o 2 tableta tuwing 4 na oras kung may lagnat.



Dosage ng asperin



Para sa mga batang higit sa 1 taon at wala pang 3 taon. Painumin ng 1/4 na tableta ng asperin tuwing 4 na oras kung may lagnat.

Painumin ng maraming tubig.

Para sa mga bat ang 3-6 na taon na , painumin ng 1/2 tableta tuwing 4 na oras kung may lagnat.





Lagyan ng basang tela ang katawan at noo.

Paypayan.



Painumin ng asperin.